

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 45:
Seksuwalidad: Pagkilala at
Pag-unawa sa Sarili



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 45: Seksuwalidad: Pagkilala at Pag-unawa sa Sarili
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	John Rey C. Clarion, Jezzine F. Salar
Editor:	Emelinda L. Raza, PhD, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Judith E. Ecoben, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Eljun A. Calimpusan
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 45:
Seksuwalidad: Pagkilala at
Pag-unawa sa Sarili**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

petensi. Kaya mo ito!



Alamin

May mahalagang papel na ginagampanan ang seksuwalidad sa pagkakilanlan at pakiramdam ng isang tao.

May napapansin ka bang pagbabago sa iyong sarili?

Mararahil ay mapapansin mong nagbago na ang iyong damdamin, atraksyon pananaw at maging ang pag-uugali, iyan ay ilan lamang sa mga palatandaan na ikaw ay nagbibinata o nagdadalaga na. Maging ang interes ng isang tao ay nagbabago kapag tumungtong na sa ganitong yugto.

Sa pagkakataong ito, dapat ay malinaw na sa sarili ang seksuwalidad nang sa ganoon ay ganap na matanggap, mapahahalagahan at maipahayag ang iyong buong pagkatao sa lipunang ginagalawan. Ito ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kalusugang pangkaisipan at pagpapahalaga sa sarili ng isang tao tungo sa maayos na pakikisalamuha.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Natutukoy ang tamang pagpapakahulugan sa seksuwalidad. (EsP8IP-Iva-13.1)



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang ibig sabihin sa pahayag na, “Seksuwalidad ay ang pagkakilanlan ng isang indibidwal sa kanyang sarili na nakapokus sa kanyang bayolohikal na pagkilala, pagsasakilos ng mga nais gawin, pagkakaroon ng kagustuhan o pagnanasa sa kapwa at pagkilala sa gampanin ng isang tao sa lipunan.”
 - A. Ito ay daan upang maging ganap na tao.
 - B. Maari mong piliin ang iyong seksuwalidad.
 - C. Walang tiyak na seksuwalidad ang isang tao.
 - D. Ang seksuwalidad ay sumasalamain sa iyong pagkatao at pagpapakatao.
2. Alin sa sumusunod ang tumutugma sa mensahe ng pahayag na, “Isang hamon sa bawat indibidwal ang pagbuo ng seksuwalidad at pagkatao upang maging ganap ang pagkababae o pagkalalaki?”
 - A. Hindi magkatugma ang seksuwalidad at pagkatao.
 - B. Lalaki ay dapat lalaki lamang, at gayundin ang babae.
 - C. Mahalagang behikulo sa pag-unawa ng pagpapakatao ang seksuwalidad.
 - D. Hindi itinuturing na ganap na tao kung hindi buo ang kanyang seksuwalidad at pagkatao.
3. Simula nang ikaw ay isilang kaugnay na ng iyong pagkatao ang pagkamit sa kaganapan ng pagkikilala sa iyong seksuwalidad. Ano ang tinutukoy sa pahayag?
 - A. kabutihan
 - B. kaganapan
 - C. kakayahan
 - D. kasarian
4. Ano sa mga sumusunod ang may malaking bahagi sa ating pagpapakatao?
 - A. pagkababae
 - B. pagkatao
 - C. pagkalalake
 - D. seksuwalidad
5. Ano ang ibig sabihin sa pahayag na, “Ang katawan ng tao, kasama ang kanyang itinakdang kasarian ay hindi lamang instrumento sa pagpaparami at pagtiyak ng pagpapatuloy ng bawat salinlahi, kundi ito rin ay daan sa pagpapahayag natin ng pagmamahal.”?
 - A. Ginagamit natin ang ating kasarian upang magparami.
 - B. Pinapalaganap natin ang pagiging maka-Diyos upang magparami.
 - C. Hindi ginagamit ang sekuswalidad para sa hindi kaaya-ayang gawain kaya ito’y napapariwara.
 - D. Ang ating kasarian at seksuwalidad ay ating taglay upang magmahal ng taos-puso at magpatuloy ng salinlahi.

6. Alin sa mga sumusunod na pagpapakahulugan ang tumutukoy sa pahayag na ang seksuwalidad ay hindi lamang tumutukoy sa bayolohikal na aspekto ng indibidwal?
- Mahuhubog ng wasto ang kanyang pagkatao.
 - Makikilala ang seksuwalidad ng isang tao ayon sa pisikal na aspekto nito.
 - Ang seksuwalidad ay makikilala sa pamamagitan ng kasarian at bahagi ng tao.
 - Mayroong kalayaan at karapatang pumili ang isang indibidwal kung ano ang ninanais niyang maging.
7. Si Tanya ay may gusto kay Ricky, dahil dito ay nagpapaganda siya araw-araw nang sa gayon ay mapansin siya nito. Anong seksuwalidad mayroon si Tanya?
- asexual
 - babae
 - lalake
 - bisexual
8. Alin sa sumusunod ang nakakaimpluwensiya sa seksuwalidad ng tao?
- | | |
|-----------------|------------------|
| I. anatomikal | III. historikal |
| II. bayolohikal | IV. saykolohikal |
- I, II at III
 - II, III at IV
 - I, III at IV
 - I, II, III at IV
9. Alin sa mga sumusunod ang nakakaimpluwensiya sa seksuwalidad ng tao?
- | | |
|----------------------|----------------------------|
| I. laruan at pagkain | III. media |
| II. layunin sa buhay | IV. Pagpapahalaga sa kapwa |
- I, II at III
 - I, III at IV
 - II, III at IV
 - I, II, III at IV
10. Alin sa sumusunod ang isa sa mga palatandaan ng pagbibinata o pagdadalaga?
- umiiyak kapag inaaway
 - mas pinipiling mapag-isa
 - nakakaligtaang magbihis nang maayos
 - pagpapakita ng atraksiyon o kagustuhang makipagrelasyon sa kapwa
11. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na pagpapakahulugan sa seksuwalidad?
- Ang seksuwalidad ay humuhubog sa kapangyarihan ng isang tao.
 - Ang seksuwalidad ay isang behikulo tungo sa lubusang pagkilala at pag-unawa sa sarili.
 - Ang seksuwalidad ay isang lunsaran upang makilala ng tao ang gampanin sa lipunan.
 - Ang seksuwalidad ay susi sa pag-alam sa tunay na kahulugan ng kayamanan at kapangyarihan.

12. Anong palatandaan ang pagkakaroon ng pagbabago sa sariling damdamin, atraksyon, pananaw at maging sa pag-uugali?
- A. pagiging matanda
 - B. pagiging binata at dalaga
 - C. pagiging bata at isip bata
 - D. pagkakaroon ng wastong pag-iisip o maturidad
13. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kaganapan ng pagkatao?
- A. Nakagagawa ng desisyong kalimitang hindi pinag-iisipang mabuti.
 - B. Hindi ikinakahiya ang kasarian at ginagalang ang seksuwalidad ng ibang tao.
 - C. Binigyang halaga ang kahulugan ng pagiging lalake at naipapakita ang pagiging dominante nito.
 - D. Binibigyang halaga ang kahulugan ng pagiging babae at naipapakita na mas nakaaangat sila sa lipunan.
14. Sa paanong paaran masasabing nakatutulong ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa katuturan ng seksuwalidad?
- A. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong upang maipagmalaki sa ibang tao ang sariling seksuwalidad.
 - B. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong upang maging bukod tangi sa lahat ng indibidwal at maging makapangyarihan.
 - C. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong sa pagtataguyod ng mga responsibilidad, seksuwal na kalusugan at malaman ang tungkulin sa lipunan.
 - D. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong upang malaman na ang katuturan ng seksuwalidad ay umiikot lamang sa bayolohikal at pisikal na aspekto ng tao.
15. Alin sa sumusunod ang tamang pahayag tungkol sa seksuwalidad?
- A. Ang seksuwalidad ay tungkol lamang sa bahagi ng katawan.
 - B. Ang seksuwalidad ay hindi makikita sa paraan ng pagsasalita, pagkilos at pananamit.
 - C. Ang seksuwalidad ay maaaring mahubog sa kung sino at ano ang nakikita at nakasasama.
 - D. Ang seksuwalidad ay higit pa sa mga bahagi ng katawan at kasarian.

Aralin

1

Katuturan ng Seksuwalidad

“Ang enerhiyang seksuwal ng tao ay naibabaling at ginagamit sa paglinang ng damdaming pagkamahabagin na kinakailangan para makontrol ang simbuyo ng kalupitan.”

-Dr. Melvin Anchell

Ngayon, subukin sa **Balikan** ang natutunan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.



Balikan

Gawain 1: Magtala Ka!

Panuto: Magbigay ng mga angkop na kilos sa pagsasabuhay ng katapatan sa salita at gawa. Sa tulong ng *graphic organizer*, isulat ang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

Katapatan sa Salita at Gawa	

RUBRIKS SA PAGPUPUNTOS NG GRAPHIC ORGANIZER

Pamantayan	Mahusay (15 puntos)	Katamtaman (10 puntos)	Kailangan pang magsanay (5 puntos)
Paglatag ng ideya	Malinaw at kakikitaan ng paggamit ng mga teknikal at konkretong konsepto ng katapatan sa salita at gawa	Kakikitaan ng paggamit ng mga teknikal at konkretong konsepto ng katapatan sa salita at gawa	Hindi kakikitaan ng malinaw na paglatag ng ideya patungkol sa konsepto ng katapatan sa salita at gawa
Paggamit ng wika	Tama at naaangkop ang gamit ng mga salita. Walang pagkakamali sa paggamit ng wika	Tama at naaangkop ang gamit ng mga salita.	Kapansin-pansin ang mga pagkakamali sa paggamit ng wika
Pagbibigay ng mensahe	Maayos at lohikal ang mensahe sa graphic organizer patungkol sa konsepto ng katapatan sa salita at gawa	May ilang argumento na hindi malinaw sa ng mensahe sa graphic organizer patungkol sa konsepto ng katapatan sa salita at gawa	Kapansin-pansin na hindi malinaw ang mensahe sa graphic organizer patungkol sa konsepto ng katapatan sa salita at gawa
Kabuuang Puntos = 45 puntos			



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2: Pagnilayan Mo!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pahayag na nasa kahon at pagnilayan ang sumunod na mga gabay na tanong.

Ang seksuwalidad ay behikulo upang makikilalang ganap ang pagkatao ng isang indibidwal. Ang pag-unawa sa seksuwalidad ng isang tao ay hindi lamang makikilala ayon sa bayolohikal o pisikal na kakanyahan nito, bagkus ay maaari rin itong masukat ayon sa kanyang gampanin sa Pamilya at lipunan.

Gabay na tanong:

Bakit sinasabing ang seksuwalidad ay may malaking bahagi sa pagiging ganap ng tao?

1

Ang pagtanggap sa seksuwalidad ay isa sa paraan upang matamo ang ganap na pag-unawa sa sarili. Ang mga pisikal na kakanyahan ng isang tao ay patuloy na lumalaki at nagiging ganap.

Kasabay ng pagbabagong ito ang kamalayang mag-isip ng tama at mabuti, makapagdesisyon at

Gabay na tanong:

Paano masasabing ang seksuwalidad ay nakatutulong sa pag-unawa sa sarili?

2

May kamalayan at kalayaan ang seksuwalidad ng isang tao. Ito ay bunga ng pagpili o pagdedesisyon na nag-uugat mula sa pagmamamahal.

Gabay na tanong:

Ano ang nais ipahiwatig ng pangungusap?

3



Suriin

Nasagutan mo ba ang mga katanungan sa bahaging ***Tuklasin***? Ano ba ang naging pangunahing ideya sa tatlong pangungusap? Kung ang sagot mo ay Seksuwalidad, binabati kita kaibigan dahil tama ang iyong kasagutan.

Ang seksuwalidad ay isang behikulo tungo sa lubusang pagkilala at pag-unawa sa sarili o *true self*. Ito din ay ang pag-unawang panlipunan na nagbibigay pagkilala sa kaibahan ng lalaki at babae, batay sa bayolohikal na kasarian ngunit kasama rin dito ang tungkulin ng indibidwal ayon sa pamantayan ng lipunan at kultura.

“Ayon sa kasalukuyang pang-agham na pag-aaral, ang indibidwal ay may karaniwang kamalayan sa kanilang oryentasyong sekswal sa pagitan ng gitnang pagkabata at maagang pagbibinata o pagdadalaga.” (American Psychological Association 2008)

Ang seksuwalidad ay may malaking gampanin sa ating pagkatao, naipapakita kung paano kinikilala, pinakitutunguhan ang sarili at kung paano tumugon sa iba upang maging handa sa anumang hamong panseksuwalidad na kahaharapin. Ang pag-alam sa seksuwalidad ng isang tao ay makatutulong upang mapalaganap ang kamalayang pansarili. Sa pamamagitan nito ay malalaman natin ang pansariling kahinaan ayt kalakasan.

Ang seksuwalidad ay nagkakaroon ng manipestasyon sa ating pagkatao habang nagdadalaga o nagbibinata Halimbawa, ipinagmamalaki nila ang kanilang kasarian at hindi ito ikinakahiya, nagagampanan nila ang kanilang tungkulin nang may pagmamahal at iginagalang ang kasarian ng iba. Sa ganang ito naipapakita natin ang ating pagpapakatao sa iba.

Sinasabi ring ang seksuwalidad ay hindi direktang nagpapalala o nagpapabuti sa ating buhay bagkus ang mga hamong panseksuwalidad ang siyang nagpapaunlad at nagpapatatag sa ating katauhan bilang sekswal na nilalang. Ang kaalamang panseksuwalidad ay mahalaga upang magkaroon ng responsable, ligtas at makapagbigay-kasiyahan sa seksuwal na buhay. Ito ay nangangailangan ng positibong pag-unawa sa mga aspektong may kinalaman sa seksuwalidad para mahubog ang pag-uugaling seksuwal ng tao.

Ayon sa ginawang pag-aaral ng World Health Organization (WHO), ang seksuwalidad ay isang sentral na aspekto ng pagiging tao na sumasaklaw sa kasarian, pagkakakilanlan at mga gampanin, oryentasyong panseksuwal at pagpapalagayang-loob. Ang seksuwalidad ay naiimpluwensiyahan ng pakikipag-ugnayang bayolohikal, sikolohikal, panlipunan, pang-ekonomiya, pampulitika, kultural, etikal, ligal at ispiritwal na mga kadahilanan.

Halimbawa, bilang isang babae, ikaw ay maaring maging ina, ate, lola o tiya; sa lalaki naman, puwedeng ama, kuya, lolo o tiyo. Bagaman ang pagiging lalaki o babae ay likas mula pa noong ipinanganak ang isang tao, mayroon pa ring kalayaan at karapatang pumili ang isang indibidwal kung ano ang ninanais niyang maging. Hindi ito pisikal o bayolohikal na kakanyahan lamang, ang pagpapakalalaki at pagpapakababae ay isang malayang pagpili at personal na tungkulin na gagampanan buong buhay.

Dagdag pa, ang katawan ng tao, kasama ang kanyang bayolohikal na kasarian ay instrumento sa pagpapahayag ng pagmamahal, pagpaparami at pagtiyak ng pagpapatuloy ng bawat salinlahi.


Anuman ang itinakdang kasarian o ninanais mong maging, laging tandaan na mahalagang kilalanin muna ang sarili at mahalín ang iyong pagkatao upang ikaw ay maging isang kapakipakinabang na mamamayan sa lipunan.

Narito ang ilang bagay na kasama kapag pinag-uusapan ang seksuwalidad;

- Ang seksuwalidad ay higit pa sa mga bahagi ng katawan at kasarian.
- Kasama sa seksuwalidad ang ating pagkakakilanlan sa kasarian (babae, lalake, pareho o wala o nasa pagitan ng dalawa)
- Karugtong ng seksuwalidad ang papel ng kasarian (ang ideya kung paano dapat kumilos na naaayon sa pagkakilanlan sa kasarian)
- Kaakibat ng usaping seksuwalidad ay ang konseptong oryentasyong sekswal (heterosexual, homosexual, bisexual, asexual at iba pa.)
- Ang seksuwalidad ay tumutukoy rin sa nararamdaman ng tao sa kanyang katawan na maaaring magkaroon ng malalim na epekto sa paglinang ng kakayahan tungo sa maayos at matatag na pakikipagrelasyon.
- Kasama sa seksuwalidad ang sekswal na karanasan, kaisipan, ideya at pantasya.
- Ang ating seksuwalidad ay nahuhubog sa kung sino at ano ang nakikita at nakakasama (pamilya, kaibigan, relihiyon, media, edad, layunin sa buhay at mga pagpapahalaga).
- Ang seksuwalidad ay maaaring makikita sa paraan ng pagsasalita, pagkilos at pananamit.
- Ang seksuwalidad ay naiimpluwensiyahan ng pakiki-ugnayang bayolohikal, saykolohikal, sosyal, ekonomikal, politikal, kultural, legal, historikal at ispiritwal na salik ng pagkatao.

Sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa seksuwalidad ay naiintindihan din ng mga mag-aaral ang tungkol sa mga impluwensya sa lipunan at kulturang bumubuo sa paraan ng pagtingin ng lipunan sa kasarian at seksuwalidad.

Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa katuturan ng seksuwalidad ay nakatutulong sa pagtataguyod ng mga responsibilidad at seksuwal na kalusugan. Ang seksuwalidad ay magkakaiba kung kaya nararapat na maglaan ng oras upang unawain at alamin ang seksuwalidad na angkop sa nararamdaman at iniisip ng tao. Maaari ding ito ay magbago sa paglipas ng panahon kaya pakatandaan na sa seksuwalidad ay walang tama o mali, ito ay tungkol sa kung ano ang akma para sa iyo upang mas maging kapakipakinabang na nakikibahagi sa ating lipunan. Kung ikaw man ay nakararanas ng diskriminasyon sa seksuwalidad maiging tingnan mo ito sa positibong paraan tungo sa kaunlaran ng sarili at nakararami.



Pagyamanin

Gawain 2: Iugnay Mo!

Panuto: Pag-ugnayin ang mga konseptong may kinalaman sa usaping seksuwalidad. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1. Maaring maging isang ina, ate at lola.
2. Pwedeng maging isang ama, tiyo, at lolo.
3. Nagbabago ang kaanyuan sa sarili.
4. Behikulo kung ano ang ninanais ng isang tao.
5. Dito nalalaman ang iyong unang pagkatao noong ika'y ipinapanganak pa lamang.

Hanay B

- A. Kasarian
- B. Lalaki
- C. Seksuwalidad
- D. Anyong Pisikal
- E. Babae

Gawain 3: Kilalanin Mo!

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Tukuyin ang kasariang ipinapahiwatig sa pahayag. Piliin lamang sa loob ng kahon ang iyong sagot at isulat sa sagutang papel.

Pagkababae	Pagkalalaki	Anumang kasarian
------------	-------------	------------------

1. Nagkagusto ako kay Daniel dahil sa sobrang bait niya. Kailangan kong magkilos babae dahil ako'y nagdadalaga na at para mapansin niya.
2. Pagkatapos magsimba ay didiretso ako sa gym ng aming barangay para makipaglaro ng basketball.

3. Tanggap ko sa sarili ko kung sino ako, dahil dito mas nagiging malikhain at nagagawa ko ang mga bagay na nagbibigay sa akin ng kasiyahan. Nagagampanan ko ang mga tungkulin sa lipunan dahil naniniwala ako na ang bawat isa ay may pantay na karapatan sa lipunang kanyang ginagalawan.
4. Kailangan kong alagaan ang aking sarili upang kaaya-ayang tingnan at kagalang-galang sa ibang tao.
5. Nagpakatotoo ako sa aking sarili at tinanggap ko ang aking buong pagkatao.

Gawain 4: Magsulat Ka!

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa pagkakaroon ng tamang pananaw hinggil sa seksuwalidad ng tao. Gawing pamantayan sa pagbuo ang *rubric*. Isulat ito sa hiwalay na sagutang papel.

Rubric sa Pagsulat ng Sanaysay

Krayterya	Napakahusay 20 puntos	Mahusay 15 puntos	Di-gaanong Mahusay 10 puntos	Kailangan pa ng Kasanayan 5 puntos
Nilalaman	Napakamakahulugan at makabuluhan ang pagkakalahad ng mensahe sa sanaysay	Makahulugan at makabuluhan ang pagkakalahad ng mensahe sa sanaysay	Bahagya ang katuturan sa pagkakalahad ng mensahe sa sanaysay	Mababaw at literal ang mensahe sa sanaysay
Organisasyon ng mga kaisipan	Nakapalinaw at napakahusay ng pagkakabuo ng mga argumento.	Malinaw at mahusay ang pagkakabuo ng mga argumento.	Hindi gaanong malinaw at mahusay ang pagkakabuo ng mga argumento.	Hindi malinaw at mahusay ang pagkakabuo ng mga argumento.
Hikayat at wastong gamit ng wika	Mahusay at nakahihikayat ang mga salitang/wikang ginamit sa sanaysay.	Mahusay ang mga salitang ginamit/wikang sa sanaysay.	Hindi gaanong nakapang-hihikayat ang mga salitang/wikang ginamit sa sanaysay.	Hindi nakapang-hihikayat ang mga salitang / wikang ginamit sa sanaysay.
Kabuuang puntos = 60 puntos				



Isaisip

Gawain 5: Buohin Mo!


Panuto: Bago punan ng tamang sagot ang patlang upang mabuo ang diwa o konsepto ng talata, subukang sagutin ang gabay na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Gabay na tanong:

1. Ano ang tungkuling ginagampanan ng seksuwalidad sa pagiging ganap ng tao?
2. Paano maipapakita ang pagpapahalaga at pagrespeto sa seksuwalidad ng kapuwa?

A. akma
B. iniisip
C. kaalaman
D. nararamdaman
E. oras
F. pag-unawa
G. responsibilidad
H. seksuwalidad
I. magbago
J. pakatandaan

Ang pagkakaroon ng malawak na (1) _____ at (2) _____ sa katuturan ng seksuwalidad ay nakatutulong sa pagtataguyod ng mga (3) _____ at sekswal na kalusugan. Ang (4) _____ ay magkakaiba kung kaya nararapat na maglaan ng (5) _____ upang unawain at alamin ang seksuwalidad na angkop sa (6) _____ at (7) _____ ng tao. Maaari ding ito ay (8) _____ sa paglipas ng panahon kaya (9) _____ na sa seksuwalidad ay walang tama o mali, ito ay tungkol sa kung ano ang (10) _____ para sa iyo.



Isagawa

Gawain 6: Obserbasyon Ko!

Panuto: Sumulat ng isang Journal gamit ang iyong mga obserbasyon sa loob ng tahanan o pamilya na tungkol sa pag-unawa sa isyung panseksuwalidad. Gawing hanguan ang gabay na tanong sa pagsusulat ng iyong Journal.

Gabay na tanong

- Ano ang mga aspektong nakaiimpluwensiya sa seksuwalidad ng isang indibidwal?

My Journal

A large, empty rectangular box with rounded corners and decorative scroll-like elements at the top-left and bottom-left corners, intended for writing a journal entry.

RUBRIKS SA PAGPUPUNTOS NG JOURNAL

Pamantayan	Mahusay (15 puntos)	Katamtaman (10 puntos)	Kailangan pang magsanay (5 puntos)
Paglatag ng kaisipan at obserbasyon	Malinaw at makabuluhan ang mga kaisipang at obserbasyong nailatag sa journal.	Kakikitaan ng makabuluhang kaisipan ang journal.	Hindi kakikitaan ng makabuluhang kaisipan ang journal.
Paggamit ng wika	Tama at naaangkop ang gamit ng mga salita. Walang pagkakamali sa paggamit ng wika	Tama at naaangkop ang gamit ng mga salita. May ilang pagkakamali sa salitang ginamit.	Kapansin-pansin ang mga pagkakamali sa paggamit ng wika
Pagkakaunawa sa konsepto	Naipapaliwanag ng maayos ang bawat punto at obserbasyon sa isinulat na journal.	Naipapaliwanag ang ilang punto at obserbasyon sa isinulat na journal.	Kapansin-pansin na hindi naipaliwanag ang mga punto at obserbasyon sa isinulat na journal.
Kabuuang Puntos = 45 puntos			



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang isa sa mga palatandaan ng pagbibinata o pagdadalaga?
 - A. umiiyak kapag inaaway
 - B. mas pinipiling mapag-isa
 - C. nakakaligtaang magbihis nan g maayos
 - D. pagpapakita ng atraksiyon o kagustuhang makipagrelasyon sa kapwa

2. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na pagpapakahulugan sa seksuwalidad?
 - A. Ang seksuwalidad ay humuhubog sa kapangyarihan ng isang tao.
 - B. Ang seksuwalidad ay isang behikulo tungo sa lubusang pagkilala at pag-unawa sa sarili.
 - C. Ang seksuwalidad ay isang lunsaran upang makilala ng tao ang gampanin sa lipunan.
 - D. Ang seksuwalidad ay susi sa pag-alam sa tunay na kahulugan ng kayamanan at kapangyarihan.


3. Anong palatandaan ang pagkakaroon ng pagbabago sa sariling damdamin, atraksiyon, pananaw at maging sa pag-uugali?
 - A. pagiging matanda
 - B. pagiging binata at dalaga
 - C. pagiging bata at isip bata
 - D. pagkakaroon ng wastong pag-iisip o maturidad

4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kaganapan ng pagkatao?
 - A. Nakagagawa ng desisyong kalimitang hindi pinag-iisipang mabuti.
 - B. Hindi ikinakahiya ang kasarian at ginagalang ang seksuwalidad ng ibang tao.
 - C. Binigyang halaga ang kahulugan ng pagiging lalake at naipapakita ang pagiging dominante nito.
 - D. Binibigyang halaga ang kahulugan ng pagiging babae at naipapakita na mas nakaaangat sila sa lipunan.

5. Sa paanong paaran masasabing nakatutulong ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa katuturan ng seksuwalidad?
 - A. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong upang maipagmalaki sa ibang tao ang sariling seksuwalidad.
 - B. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong upang maging bukod tangi sa lahat ng indibidwal at maging makapangyarihan.
 - C. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong sa pagtataguyod ng mga responsibilidad, seksuwal na kalusugan at malaman ang tungkulin sa lipunan.

- D. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa seksuwalidad nakatutulong upang malaman na ang katuturan ng seksuwalidad ay umiikot lamang sa bayolohikal at pisikal na aspekto ng tao.
6. Alin sa sumusunod ang tamang pahayag tungkol sa seksuwalidad?
- A. Ang seksuwalidad ay tungkol lamang sa bahagi ng katawan.
 - B. Ang seksuwalidad ay hindi makikita sa paraan ng pagsasalita, pagkilos at pananamit.
 - C. Ang seksuwalidad ay maaaring mahubog sa kung sino at ano ang nakikita at nakasasama.
 - D. Ang seksuwalidad ay higit pa sa mga bahagi ng katawan at kasarian.
7. Ano ang ibig sabihin sa pahayag na, “Seksuwalidad ay ang pagkakilanlan ng isang indibidwal sa kanyang sarili na nakapokus sa kanyang bayolohikal na pagkilala, pagsasakilos ng mga nais gawin, pagkakaroon ng kagustuhan o pagnanasa sa kapwa at pagkilala sa gampanin ng isang tao sa lipunan.”
- A. Ito ay daan upang maging ganap na tao.
 - B. Maari mong piliin ang iyong seksuwalidad.
 - C. Walang tiyak na seksuwalidad ang isang tao.
 - D. Ang seksuwalidad ay sumasalamin sa iyong pagkatao at pagpapakatao.
8. Alin sa sumusunod ang tumutugma sa mensahe ng pahayag na, “Isang hamon sa bawat indibidwal ang pagbuo ng seksuwalidad at pagkatao upang maging ganap ang pagkababae o pagkalalaki”?
- A. Hindi magkatugma ang seksuwalidad at pagkatao.
 - B. Lalaki ay dapat lalaki lamang, at gayundin ang babae.
 - C. Mahalagang behikulo sa pag-unawa ng pagpapakatao ang seksuwalidad.
 - D. Hindi itinuturing na ganap na tao kung hindi buo ang kanyang seksuwalidad at pagkatao.
9. Simula nang ikaw ay isilang kaugnay na ng iyong pagkatao ang pagkamit sa kaganapan ng pagkikilala sa iyong seksuwalidad. Ano ang tinutukoy sa pahayag?
- A. kabutihan
 - B. kaganapan
 - C. kakayahan
 - D. kasarian
10. Ano sa mga sumusunod ang may malaking bahagi sa ating pagpapakatao?
- A. pagkababae
 - B. pagkatao
 - C. pagkalalake
 - D. seksuwalidad

11. Ano ang ibig sabihin sa pahayag na, “Ang katawan ng tao, kasama ang kanyang itinakdang kasarian ay hindi lamang instrumento sa pagpaparami at pagtiyak ng pagpapatuloy ng bawat salinlahi, kundi ito rin ay daan sa pagpapahayag natin ng pagmamahal.”?
- Ginagamit natin ang ating kasarian upang magparami.
 - Pinapalaganap natin ang pagiging maka-Diyos upang magparami.
 - Hindi ginagamit ang seksuwalidad para sa hindi kaaya-ayang gawain kaya ito’y napapariwara.
 - Ang ating kasarian at seksuwalidad ay ating taglay upang magmahal ng taos-puso at magpatuloy ng salinlahi.
12. Alin sa mga sumusunod na pagpapakahulugan ang tumutukoy sa pahayag na ang seksuwalidad ay hindi lamang tumutukoy sa bayolohikal na aspekto ng indibidwal?
- Mahuhubog ng wasto ang kanyang pagkatao.
 - Makikilala ang seksuwalidad ng isang tao ayon sa pisikal na aspekto nito.
 - Ang seksuwalidad ay makikilala sa pamamagitan ng kasarian at bahagi ng tao.
 - Mayroong kalayaan at karapatang pumili ang isang indibidwal kung ano ang ninanais niyang maging.
13. Si Tanya ay may gusto kay Ricky, dahil dito ay nagpapaganda siya araw-araw nang sa gayon ay mapansin siya nito. Anong seksuwalidad mayroon si Tanya?
- asexual
 - babae
 - lalake
 - bisexual
14. Alin sa sumusunod ang nakakaimpluwensiya sa seksuwalidad ng tao?
- | | |
|-----------------|------------------|
| I. anatomikal | III. historikal |
| II. bayolohikal | IV. saykolohikal |
- I, II at III
 - II, III at IV
 - I, III at IV
 - I, II, III at IV
15. Alin sa mga sumusunod ang nakakaimpluwensiya sa seksuwalidad ng tao?
- | | |
|----------------------|----------------------------|
| I. laruan at pagkain | III. media |
| II. layunin sa buhay | IV. Pagpapahalaga sa kapwa |
- I, II at III
 - I, III at IV
 - II, III at IV
 - I, II, III at IV



Karagdagang Gawain

Gawain 7: Magsulat ng Obserbasyon!


Panuto: Sumulat ng isang pansariling obserbasyon tungkol sa mga napapansing pagbabago sa iyong sarili. Punan ang tsart sa inyong sagutang papel.

Mga Pagbabago sa Aking Sarili	
Aspektong Pisikal	
Aspektong Emosyonal	
Aspektong Pag-uugali	

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos)
Kaalaman (Pag-unawa sa impormasyon at mga ideya)	Mahusay at napakalalim na nailalahad ang mga impormasyon at obserbasyon.	Maayos na nailalahad ang mga impormasyon at obserbasyon.	Kulang at hindi maayos na nailalahad ang mga impormasyon at obserbasyon.
Wika at Estilo	Malinaw at mahusay na naipapakita ang kahulugan at hangarin ng obserbasyon na gumagamit ng mga angkop na salita.	Hindi gaanong malinaw na naipapakita ang kahulugan at hangarin ng obserbasyon. May iilang wikang ginamit na hindi angkop.	Hindi malinaw na naipapakita ang kahulugan at hangarin ng obserbasyon. Hindi angkop ang wikang ginamit.
Makatotohanan at makabuluhan	Makatotohanan at makabuluhang naipapakita ang mga pagbabago sa sarili.	Makabuluhan ngunit hindi masyadong makatotohan ang obserbasyon.	Hindi makatotohanan at makabuluhang naipakitang obserbasyon

Kabuuang puntos = 45 puntos



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. C
3. D
4. D
5. D
6. D
7. B
8. D
9. D
10. D
11. B
12. D
13. B
14. C
15. D

Pagymanin

Gawain 2: Iugnay mo!

1. E
2. B
3. D
4. C
5. A

Gawain 3

1 – 5: Ang lahat ng options ay posibleng maging tamang sagot sa lahat ng aytem.

Isaisip

Gawain 5

1. C
2. F
3. G
4. H
5. E
6. D
7. B
8. I
9. J
10. A

Tayahin

1. D
2. B
3. D
4. B
5. C
6. D
7. D
8. C
9. D
10. D
11. D
12. D
13. B
14. D
15. D

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Hanguang Elektroniko

Robles, Patricia Diane. *innerself.com*. January 1, 1997.

<http://tl.innerself.com/content/personal/relationships/couples/sexuality/5132-make-peace-with-your-sexuality.html> (accessed May 22, 2020).

Abrams, Mere. *healthline.com*. December 10, 2019.

<https://www.healthline.com/health/different-types-of-sexuality> (accessed May 22, 2020).

Molina, Ludwin. *California State University, Northridge*. 1999.

<http://www.csun.edu/~vcpsy00h/students/sexual.htm> (accessed May 22, 2020).

American Psychological Association & National Association of School Psychologists. (2015)

<https://www.apa.org/pi/lgbt/resources/sexuality-definitions.pdf> (accessed March 28, 2021)

Defining sexual health: report of a technical consultation on sexual health, 28–31 January 2002, Geneva

https://www.who.int/reproductivehealth/publications/sexual_health/defining_sexual_health.pdf (accessed March 28, 2021)

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph